**dingding nito ay nakapalibot sa kanila. At kung sila ay hihingi ng tulong, sila ay bibigyan ng tubig na tulad ng kumukulong langis na babanli sa kanilang mukha. Kakilakilabot ang inumin dito at isang masamang paninirahan o pahingahang lugar." (Qur'an 18:29)**

Sinabi rin ng Dakilang Allah:

**"At kung sila ay tumalikod, ang iyong tungkulin (O Muhammad) ay upang maiparating lamang (ang Mensahe) sa maliwanag na paraan." (Qur'an 16:82)**

Sinabi rin ng Dakilang Allah:

**"Kaya't paalalahanin mo sila (O Muhammad), ikaw ay isa lamang (Sugo na) tagapagpaala-ala. Subali't hindi ikaw mamamahala sa kanilang kapakanan." (Qur'an 88:21-22)**

Sinabi rin ng Dakilang Allah:

**"Sabihin: 'Sundin ninyo ang Allah at sundin ang Sugo, datapwa't kung kayo ay magsitalikod, siya (ang Sugo na si Muhammad) ay may pananagutan lamang sa tungkuling iniatang sa kanya, at ang sa inyo ay kung ano ang iniatang sa inyo. At kung kayo ay susunod sa kanya, kayo ay malalagay sa tamang patnubay. Ang tanging tungkulin ng Sugo ay upang ipaabot sa inyo (ang mensahe) sa maliwanag na paraan." (Qur'an 24:54)**

At sinabi rin ng Dakilang Allah:

**"At sinuman sa mga paganong mapagsamba sa mga diyus-diyosan ang humingi ng iyong pangangalaga, kung gayon, iyong gawaran siya ng pangangalaga upang kanyang marinig ang Salita ng Allah, at iyong samahan siya sa lugar**

**bata, na ang panambitan ay: 'Aming Panginoon! Kami ay iligtas Ninyo sa bayang ito na ang mga tao ay mapang-api; at Inyong ipagkaloob sa amin mula sa Inyo ang isang makapangangalaga, at Inyong ipagkaloob sa amin mula sa Inyo ang makakatulong." (Qur'an 4:75)**

Ang kautusan na kailangang lumaban sa mga nang-aapi at nagpapahirap ay batay sa talata na ipinahayag sa Banal na Qur'an:

**"Katotohanan, ang mga nagsisampalataya at lumikas, at nakipaglaban sa pamamagitan ng kanilang ari-arian at ng kanilang buhay (sarili) para sa Landas ng Allah, gayundin ang mga nagbigay ng silungan at tulong, sila ang magkakapanalig sa isa't-isa. At ang mga nagsisampalataya na hindi nagsilikas (para sa Kapakanan ng Allah), ikaw ay walang pananagutan sa kanila na pangalagaan sila hangga't sila ay hindi lumilikas, datapwa't kung sila ay nananawagan sa inyo sa pananampalataya upang sila ay tulungan, ito ay inyong katungkulan na tulungan sila, maliban na lamang kung ito ay laban sa mga tao na mayroong kayong pinagkasunduan ng pakikianib. At alalahanin na ang Allah ang Ganap na Nakamamasid ng inyong ginagawa." (Qur'an 8:72)**

3. Ang paghihiganti sa di-pagtupad at paglabag sa tapat na kasunduang pinagtibay, sa pagkakaisa at sa kapayapaan. Ito ay batay sa mga talata na ipinahayag na Banal na Qur'an:

   **"Datapwa't kung sila ay sumira sa kanilang mga pangako matapos ang kasunduan, at tuligsain ang inyong pananampalataya ng may pag-ayaw at pamimintas, kung gayon, inyong labanan ang mga pinuno na walang pananalig, sapagkat katiyakan, ang kanilang pangako ay walang halaga sa kanila, upang sila ay tumigil (sa**

Ang mga kadahilanan ng mga lehitimong pakikidigma ay nakikilala sa pamamagitan ng naiulat sa itaas at ang ibang talata na nagpapaliwanag dito ay ang sinabi ng Dakilang Allah na:

> **"Sila ay nagtatanong tungkol sa pakikipaglaban sa mga banal na buwan. Sabihin: 'Ang pakikipaglaban sa panahong ito ay isang matinding pagsuway (kasalanan), datapwa't ang higit na malubhang pagkakasala sa Paningin ng Allah ay ang sansalain (hadlangan) ang sangkatauhan sa pagsunod sa Landas ng Allah, ang hindi pagsampalataya sa Kanyang Relihiyon, at paghadlang sa mga tao na makapasok sa Masjid Al-Haram (sa Makkah) at ang pagtaboy sa mga nakatira dito at ang fitna (ang panunukso, ang pagsamba sa mga diyus-diyosan, ang kaguluhan o sigalot) ay higit na masama kaysa sa pagpatay'…" (Qur'an 2:217)**

At sinabi rin ng Dakilang Allah:

> **"At sila ay inyong labanan hanggang mapalis ang fitnah (kawalan ng pananalig sa Allah at pagsamba sa iba maliban pa sa Allah) at ang lahat at bawat uri ng pagsamba ay matuon lamang para sa Allah. Datapwa't kung sila ay maglubay (sa pakikipaglaban sa inyo), huwag hayaang magkaroon ng paglalaban at paglabag maliban sa mga mapaniil." (Qur'an 2:193)**

Sinabi rin ng Dakilang Allah:

> **"Ang mga sumasampalataya ay nakikipaglaban tungo sa Kapakanan ng Allah, at sila na mga hindi sumasampalataya ay nakikipaglaban tungo sa kapakanan ng Taghut (Satanas, diyus-diyosan, atbp.). Kaya't makipagtunggali kayo laban sa mga kapanalig ni Satanas. Tunay na laging mahina ang mga pakana ni Satanas." (Qur'an 4:76)**

**dahilan, ang pakikipag-ugnayan na may interes o tubo at pagpapahiram ng may malaking tubo, ang pagwaldas at pang-aabuso sa mga pondo ng naulila, ang pagtakas sa larangan ng digmaan, maling pagpaparatang sa isang babaeng mananampalataya ng pakikipag-ulayaw, pakikiapid, o paninira sa kaugaliang wagas."** **(Bukhari at Muslim)**

**-> Pananalakay at Pang-aapi.**

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

**"Ang paratang ay laban lamang sa mga umaapi sa mga tao na gumagawa ng kamalian at walang pakundangang nagmamalabis sa lahat ng hangganan ng pagsuway sa kalupaan, na yumuyurak sa katwiran at katarungan, para sa ganyang mga tao mapapasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan."** **(Qur'an 42:42)**

Ang Allah, ang Makapangyarihan ay nagsabi:

**"Sabihin (O Muhammad): Ang mga bagay na ipinagbawal ng aking Panginoon ay nakakahiyang mga gawain, kahima't ito ay ginawa ng lantad o linggid na mga kasalanan at mga lumalampas laban sa katotohanan at katarungan, ang magtalaga ng mga katambal (sa pagsamba) sa Allah na rito ay wala Siyang ibinigay na katibayan o kapangyarihan, at ang pagsasabi ng mga bagay tungkol sa Allah na rito ay wala kayong kaalaman."** **(Qur'an 7:33)**

Ang Allah, ang Makapangyarihan ay nagsabi din:

**"At kung ang isa sa mga pagano mapagsamba sa maraming diyus-diyosan ay humingi ng iyong pangangalaga, igawad mo sa kanya ang pangangalaga upang mapakinggan niya ang Salita ng Allah, at samahan siya sa lugar na siya ay**

pagiging maramot ay isang gawaing pangkaraniwan, at siya ay nagsabi:

**“Mag-ingat sa pang-aapi. Ang pang-aapi ay kadiliman sa Araw ng Paghuhukom. Mag-ingat sa pagiging sakim at sobrang maramot, dahil ito ang nagwasak sa mga taong nauna sa inyo. Ang pagiging sakim at sobrang maramot ay nagpumilit sa mga taong (nauna sa inyo) na nagdanak ng dugo ng kanilang mga tao at itinulak sila para gawing makatarungan ang di-makatarungan at ipinagbabawal.” (Muslim)**

- **Mapag-aksaya at Sobrang Paggastos**

Nag-utos ang Dakilang Allah sa isang Muslim na iwasan ang labis-labis na pag-aaksaya.

**"…at kumain at magsi-inom nguni't huwag mag-aksaya,, Katotohanan, Siya (Allah) ay hindi nalulugod sa mga maluluho." (Qur'an 7:31)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**“At magkaloob sa mga kamag-anakan ng kanilang karapatan at sa mga nangangailangan at naglalakbay. Nguni't huwag maglustay (ng inyong yaman) sa pamamagitan ng luho (at walang katuturan). Katotohanan, ang naglulustay ay mga kapatid ng mga demonyo at ang demonyo ay walang pasalamat sa kanyang Panginoon.” (Qur'an 17:26-27)**

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**“Ang Allah, ang Makapangyarihan, ay nagbabawal sa inyo sa pagiging di-masunurin sa inyong mga ina, mula sa pagtanggi na bigyan ang mahirap at nangangailangan**

